## Ikatlong Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay

*Mga Gawa 2, 14. 22–33; 1 Pedro 1, 17–21; Lucas 24, 13–35*
*“Mula sa Pagdadalamhati Tungo sa Kasaganahan:  Pakikipagtagpo sa Muling Nabuhay na Panginoon”*

**PANIMULA**

Noong unang panahon, sa isang maliit na nayon, may isang lalaking kilala sa pagtatanim ng pinakamagagandang hardin. Tuwing tagsibol, nagsisimula siya sa paghahasik ng maliliit na buto o binhi sa tuyong lupa, maingat na inaalagaan ang mga ito, dinidiligan, at pinoprotektahan mula sa hangin. Madalas itanong ng kanyang mga kapitbahay, “Bakit ka naglalaan ng napakaraming pagsisikap sa mga binhing maaaring hindi naman tumubo?” At siya’y ngumingiti at sumasagot, “Nagtitiwala ako na ang buhay ay uusbong; palagi itong nangyayari kung tayo’y mag-aaruga at matiyagang maghihintay.”

Ngayon, nagtitipon tayo bilang isang pamilya ng parokya upang ipagdiwang ang Ikatlong Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay. Tulad ng hardinerong iyon, dinadala natin ang ating mga puso—kung minsan ay walang laman, kung minsan ay mabigat dahil sa pagdadalamhati, pagdududa, o takot—at inilalagay natin ang mga ito sa harap ng Diyos. Nagtitiwala tayo na, tulad ng mga binhi, ang buhay ng Diyos ay mag-uugat, babaguhin ang ating kalungkutan tungo sa kagalakan, at ihahayag Niya ang Kanyang sarili sa mga di-inaasahang paraan.

Maghanda tayong maglakbay nang sama-sama sa Eukaristiyang ito, handang makilala ang Muling Nabuhay na Panginoon sa mga karaniwang sandali, sa ating sama-samang panalangin, at sa paghahati-hati ng tinapay.

**PAGSISISI**

Panginoong Hesukristo,
• kung minsan ay nakararamdam kami ng pag-iisa at pag-abandona; samahan Mo kami sa mga sandaling iyon. Panginoon, kaawaan Mo kami.
• kung minsan ay hindi na namin makita kung paano magpatuloy; Ikaw nawa ang maging aming daan. Kristo, kaawaan Mo kami.
• kung minsan ay kinukulang kami sa lakas ng loob upang gumawa ng mga bagong hakbang; palakasin Mo kami sa pamamagitan ng Iyong Espiritu. Panginoon, kaawaan Mo kami.

**PANALANGIN NG PAGPAPATAWAD**

Nawa’y alisin ng mabuting Diyos ang lahat ng kasalanan at pagkakamali natin, at ang lahat ng naghihiwalay sa atin sa Kanya at sa Kanyang pagmamahal, at palakasin Niya tayo upang lumakad nang tapat sa Kanyang mga turo, nagtitiwala sa Kanyang presensya sa ating buhay araw-araw. Amen.

**PAANYAYA SA GLORIA**

Magsitayo po tayo at magkaisa sa pag-awit ng papuri, ipinagdiriwang ang kagalakan ng ating muling nabuhay na Panginoon, na pumapalit ng ating dalamhati patungo sa galak at ng kawalan tungo sa kasaganaan.

**PANALANGING PAGBUBUKAS**

Mabuting Diyos, nagpapasalamat kami sa Iyo sa kaloob mo sa amin sa bawat araw, sa Iyong presensya na nagpapabago sa aming mga puso, at sa pag-asang itinatanim ng Iyong Espiritu sa amin. Patawarin Mo po kami kapag kami’y nabibigong magtiwala sa Iyong patnubay o kaya’y sa mga sandalling nakakalimutan naming Ikaw ay malapit sa amin sa mga pangkaraniwang sandali ng aming buhay. Bigyan Mo po kami ng

katapangan na buksan ng lubusan ang aming mga puso sa Iyong Salita at sa Iyong pagmamahal.

Nawa'y palakasin kami ng Iyong Espiritu upang mamuhay kami nang tapat, na naibabahagi ang Iyong galak at awa sa iba, at nawa'y liwanagan ng Iyong Salita ang aming mga isipan at pag-alabin ang aming mga puso sa pagmamahal para sa Iyo.
Amen.

## HOMILIYA: "MULA SA PAGDADALAMHATI TUNGO SA KASAGANAAN: PAKIKIPAGTAGPO SA MULING NABUHAY NA PANGINOON"

Ilang taon na ang nakalilipas, isang grupo ng mga Peregrino ang naglakbay patungo sa banal na lungsod ng Herusalem. Kabilang sa kanila ang isang matandang babae na nakapaglakad na ng napakaraming milya—patungong Lourdes, Fatima, at Santiago de Compostela. Ang pinakamahalaga, ayon sa kanya, ay hindi ang layo ng nilakbay o ang mga pook na binisita; kundi ang mga kuwentong kanyang narinig sa daan—ang mga pabulong na panalangin, ang mga ibinahaging kalungkutan, at ang mga kagalakang nagkaroon ng tinig sa samahan. "Sama-sama tayong naglalakbay," sabi niya, "at sa pakikinig natin sa isa't isa, ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa atin."

Sa isang beses, ikinuwento niya na sa isang paglalakbay ay nakasabay niya ang isang batang ina na kamakailan lamang nawalan ng anak. Tahimik silang naglakad nang maraming oras bago tuluyang nagkaroon ng mga salita. "Hindi payo ang kailangan niya," sabi ng matandang Peregrino, "kundi presensya." At sa pagitan ng mga luha at tahimik na mga hakbang, muling sumigla ang pananampalataya. Minsan, hindi nagsasalita ang Diyos mula sa langit; nagsasalita Siya sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na daloy ng mga hakbang na sabay-sabay na tinatahak.

Ngayong araw, inaanyayahan tayo ng ating Ebanghelyo sa isang kaparehong paglalakbay—hindi sa mga pisikal na lugar, kundi sa lalim ng ating mga puso. Dalawang alagad ang lumalakad palayo sa Herusalem, mabigat ang kalooban at puno ng kalungkutan. Sa siyudad na iyon nila inilagak ang kanilang pag-asa: naniwala silang doon tutubusin ng Mesiyas ang Israel. Ngunit winasak ng pagpapako sa krus ang kanilang mga pag-asa. Ang Jerusalem, na dati'y puno ng pangako, ay tila naging walang saysay.

At hindi ba't ganito rin madalas ang buhay? May pangarap na gumuho. May sakit na dumating. May relasyong nagwakas. May panalanging tila hindi sinasagot. Dinadala natin ang dalamhati, pagkadismaya, takot, at pagdududa, iniisip na baka ang paglayo natin ay makaiiwas tayo sa sakit. Ngunit kadalasan, ang mismong lugar na ating tinatakasan ang siyang may hawak ng kagalingang hinahanap natin. Gaano kadalas nating iniiwasan ang mga pag-uusap, alaala, o pananagutan dahil nagpapaalala ito sa atin ng sakit? Ganun pa man, ang biyaya ay doon din mismo madalas naghihintay.

Habang naglalakad ang mga Apostol ni Hesus, nag-uusap sila sa isat-isa, at isinasalaysay ang kuwento ni Hesus—ang Kanyang ministeryo, ang Kanyang kamatayan, at ang walang lamang libingan. Narito ang unang aral para sa atin: may kagalingan sa pagsasalaysay ng ating kuwento. Ang dalamhating hindi naipapahayag ay lalong bumibigat; ang dalamhating naibabahagi ay gumagaan. Ang pagbabahagi ng lungkot, maging ito man ay ang pagkawala ng minamahal, krisis sa kalusugan, nasirang relasyon, o maging ang nayayanig na pananampalataya, ay nagbibigay-daan upang makapasok ang presensya ng Diyos.

Nakakilala ako minsan ng isang lalaking biglang nawalan ng trabaho matapos ang maraming taon ng tapat na paglilingkod. Sa loob ng ilang buwan, siya'y nagkulong sa sarili dahil sa takot at pagka-hiya. Ngunit isang gabi sa isang pagtitipon sa parokya, sa wakas ay ibinahagi niya ang kanyang takot at kahihiyan. Tahimik ding umamin ang iba tungkol sa kanilang sariling mga pinagdaraanan. Hindi man agad nalutas ang kanyang problema nang gabing iyon—may nagbago naman. Ang pag-iisa ay napalitan ng pakikiisa. Ang hiya ay napalitan ng dangal. Pumasok ang Diyos sa pamamagitan ng pag-uusap.

Minsan, ang nakikinig ay isang estranghero—tulad ng sinasabi ng Ebanghelyo na may isang di-kilalang sumama sa kanila sa daan. Siya'y nakinig nang walang paghatol at nagsimulang magbahagi ng mas malawak na kuwento: ang kuwento ng Diyos. Ang kuwento ng pagdurusa na humahantong sa muling pagkabuhay. At nag-alab ang kanilang mga puso sa pagkaunawa.

Ang pakikipagtagpo sa Muling Nabuhay na Panginoon ay madalas nagsisimula sa mga karaniwang sandali—sa pag-uusap, sa pakikinig, at kapag ika'y naririnig. Isang simpleng kuwento ang naglalarawan nito ng mabuti: may isang guro na nakapansin sa isang tahimik at mapag-isang mag-aaral. Isang umaga, pinasalamatan niya ito sa pagtawag sa kanyang pangalan dahil sa isang maliit na kabutihang ginawa nito. Nagliwanag ang kanyang mukha—nagulat at napuno ng saya. Ang simpleng pagkilalang iyon ay nagbago ng kanyang araw. Pagkalipas ng ilang taon, sinabi niyang ang sandaling iyon ang nagpatunay sa kanya na siya ay mahalaga.

Ganyan din ang muling nabuhay na Kristo—sinasalubong Niya tayo sa mga karaniwang sandali, napapansin tayo, inaanyayahan tayo, binabago ang ating pag-asa, at pinapalitan ang ating kawalan ng pag-asa ng kagalakan. Kadalasan, hindi ito sa pamamagitan ng malalaking himala kundi sa tahimik na katiyakan: "Nakikita kita. Kasama mo Ako."

Ngayon, maglakad tayo patungo sa dalampasigan ng dagat ng Galilea sa bukang-liwayway. Isipin natin ang mga Apostol ni Hesus na muling bumalik sa pangingisda—pagod at walang nahuli. Ang gabi ay nasa likuran nila; ang umaga ay kumikislap sa kanilang harapan. Bumalik sila sa nakasanayan. Kapag ang mga pangarap ay gumuho, madalas tayong bumabalik sa dating gawi.

Isang estranghero ang nakatayo sa pampang, malapit sa munting apoy, na may nakahandang tinapay at isda. Kaswal niyang tinanong, "Mayroon ba kayong makakain?" Tapat silang sumagot, "Wala, wala kaming anuman." Napakalakas ng katapatan na iyon. Walang dahilan. Walang pagpapanggap. Kundi katotohanan lamang.

Pagkatapos, inutusan Niya sila: "Ihagis ninyo ang lambat sa kanang bahagi ng bangka." Nag-alinlangan man, sumunod sila—at napuno ang kanilang mga lambat. Nakilala Siya ng isang alagad: "Ang Panginoon iyon!"

Narito ang isa pang katotohanan: ang muling pagkabuhay ay nangyayari sa pangkaraniwang buhay. Sa mga sandali ng kabiguan, kawalan ng pag-asa, at kawalan ng loob, nagpapakita si Jesus. Sinasalubong Niya ang ating takot ng kalinga, ang ating panghihina ng loob ng paggabay, at ang ating kawalan ng pag-asa ng kasaganaan.

Ito ang itinuro sa akin ng isang mangingisda mula sa isang lumang baybaying nayon. Sa isang gabing walang bituin, matapos silang makabalik na walang huli, may narinig siyang tinig mula sa pampang.

Hindi naglaon, napuno ang kanilang mga lambat. Hindi dahil sa kanilang galing, kundi dahil sa pagtitiwala at pagsunod nila sa salita ng Diyos. Minsan ay sinabi niya sa akin, “Ang himala ay hindi ang mga isda. Kundi ang lakas ng loob na sumubok muli.” Ang alaala ng gabing iyon ay nanatili sa kanya—hindi dahil sa mga isda—kundi dahil sa muling pagsibol ng pag-asa.

Ilang beses na ba sa ating buhay na inaanyayahan tayong “ihagis muli ang ating mga lambat”? Na muling magpatawad. Muling sumubok. muling magtiwala, muling magmahal. Madalas nagsisimula ang muling pagkabuhay sa isa pang pagtatangkang ginagawa nang may pananampalataya.

Ang pagkilala sa muling nabuhay na Panginoon ay kadalasang unti-unting nangyayari. Hindi Siya agad nakilala ng mga alagad sa daan patungong Emmaus. Nakilala lamang Siya sa pag-uusap, sa pag-alab ng kanilang mga puso habang ipinapaliwanag Niya ang kasulatan, at sa huli, sa paghahati-hati ng tinapay. Ang pananampalataya ay bihirang parang kidlat; mas madalas itong tulad ng pagsikat ng araw.

Gayundin, tinatawag tayo ni Jesus na makatagpo Siya nang lubos—hindi bilang panauhing dumaraan lamang, kundi bilang Panginoon ng ating buhay. Lumalago ang pananampalataya sa pamamagitan ng pakikipagtagpo, at ang pakikipagtagpo ay nagbabago ng pangkaraniwang gawain tungo sa mga sandali ng muling pagkabuhay.

Hayaan ninyong magbahagi pa ako ng isa pang kuwento. Isang dalagang babae ang bumalik sa kanyang bayang sinilangan matapos ang maraming taong pagkalayo. Nag-aalinlangan at hindi sigurado, natatakot siyang baka nakalimutan na siya. Sa sulok ng isang parke, may kumaway at nagsabi, “Sana ay naaalala mo pa ako.” Ang pagkilala, pag-asa, at pakiramdam ng pagiging kabilang- lumutang ang kanyang puso sa saya.

Kalaunan, sinabi niya, “Napagtanto ko na hindi pala ako tunay na nag-iisa. Ako’y naaalala pa rin nila.” Ganyan natin nakikilala si Hesus: nag-aalinlangan, naghahangad, ngunit lubos na niyayakap Niya tayo sa Kanyang presensya. Naaalala tayo ng muling nabuhay na Panginoon. Tinatawag Niya tayo sa ating pangalan. Hinihintay Niya tayo.

Ang kanyang kanang bahagi, ang tinapay, ang apoy, ang muling paghagis ng lambat—ang mga detalyeng ito ay mahalaga. Ipinapaalala ng mga ito sa atin na ang Diyos ay kumikilos sa pamamagitan ng katuwiran at pakiramdam, pagsisikap at biyaya, tiyaga at pagtitiwala.

Isang parokyanang nagngangalang Ruth, biyuda ngunit matatag, ang minsang nagbahagi kung paanong ang araw-araw na panalangin ay nagbigay sa kanya ng lakas ng loob upang harapin ang mga pagkatalo sa buhay. “Hindi ko palaging nararamdaman na ako’y malakas,” sabi niya, “ngunit patuloy akong nagpapakita.” Sa kanyang patuloy na pagharap—araw-araw—natuklasan niya na pinaparami ng Diyos ang tahimik na katapatan. Ang mga simpleng gawa, kapag isinabuhay nang may pagtitiwala, ay lumalago nang higit sa ating maiisip.

Ganyan din si Hesus: hinihingi Niya ang pangkaraniwan—ang ating katapatan, ang ating maliliit na handog—at ginagawa Niya itong kasaganaan.

Ang ating mga pakikipagtagpo sa Pasko ng Muling Pagkabuhay, tulad ng sa mga alagad, ay tumatawag sa atin sa pagkilos: upang magpatotoo, magmahal, at palakasin ang mga taong nasa mababang kalagayan. Sa ating mga gawain, sa ating trabaho, sa ating mga relasyon, inaanyayahan

tayo ng Muling Nabuhay na Panginoon na “ihagis ang lambat sa kanang bahagi,” na lumampas sa takot, upang muling sumubok, at magtiwala na ang buhay, kapag may pananampalataya at bukas na puso, ay magbubunga nang higit pa sa ating inaakala.

Magtapos tayo kung saan tayo nagsimula—may paglalakbay, may kuwento, may pag-asa. Isang binatang lalaki ang naglakad sa Camino de Santiago, pasan ang dalamhati matapos ang pagkamatay ng kanyang ama. Sa pagbabahagi ng kanyang lungkot sa kapwa Peregrino, napansin niya ang payak na kabutihan: mga estrangherong tumutulong, mga sandali ng kagandahan, at mga palatandaan ng pag-asa.

Isang gabi, isinulat niya sa kanyang tala-arawan: “Akala ko naglalakad ako nang mag-isa. Ngayon nakikita ko na may kasama pala ako sa bawat hakbang.” Sa katedral, siya’y lumuhod at napagtanto niya: kasama na pala niya ang Diyos sa buo niyang paglalakbay, binabago ang kanyang dalamhati tungo sa kagalakan, ang kanyang kawalan tungo sa kasaganaan, at ang kanyang paglalakbay tungo sa muling pagkabuhay.

Mga minamahal kong mga kapatid, sa panahong ito ng Pasko ng Muling Pagkabuhay, nawa’y maranasan din natin ang muling nabuhay na Panginoon sa ating mga pangkaraniwang buhay—sa pag-uusap, sa paghahati ng tinapay, sa muling paghagis ng lambat, sa mga sandali ng pagkilala at pagtitiwala. Ibahagi natin ang ating mga kuwento, yakapin ang isa’t isa, at buksan ang ating mga puso sa mas malawak na kuwento ng pagmamahal ng Diyos.

At kapag nag-alab ang ating mga puso, nawa’y hindi tayo manatiling nakaupo sa kaginhawahan. Nawa’y tayo’y tumindig. Nawa’y bumalik tayo sa ating mga Herusalem. Nawa’y tumakbo tayo, sabik na ibahagi ang Kanyang presensya, ang Kanyang pag-asa, at ang Kanyang buhay sa mundo. Amen.

**PAANYAYA SA PAGPAPAHAYAG NG PANANAMPALATAYA**

Ngayon, sama-sama nating ipahayag ang ating pananampalataya sa Kanya na kasama natin sa ating paglalakbay, nagbibigay-buhay sa ating kalooban, at tumatawag sa atin palapit sa Kanya.

**PAANYAYA SA PANALANGIN SA MGA ALAY**

Ngayon, iniaalay natin ang tinapay at alak, ang ating pang-araw-araw na pagsisikap, at ang ating mga pag-asa at pakikibaka, hinihiling na makatagpo Ka namin dito tulad ng pakikipagtagpo Mo sa kanila. Manalangin tayo na ang ating mga karaniwang handog ay maging kalugud-lugod sa Diyos Amang makapangyarihan.

**PANALANGIN SA MGA ALAY**

Panginoong Hesus, matapos ang Iyong muling pagkabuhay, naghanda Ka ng payak na pagkain para sa Iyong mga alagad sa pampang ng Dagat ng Tiberias at ipinahayag Mo ang Iyong sarili sa kanila sa karaniwang tinapay at isda.

Ngayong araw na ito, iniaalay namin sa Iyo ang mga handog naming tinapay at alak, kasama ng aming buhay sa pang-araw-araw, ang aming mga kagalakan at paghihirap, ang aming mga pag-asa at pangamba. Baguhin Mo ang mga ito, Panginoon, upang maging pagkain para sa aming kaluluwa at tanda ng Iyong presensya sa piling namin.

Tulungan Mo kaming makilala ang Iyong pagmamahal sa mga payak na bagay, ang Iyong paggabay sa aming Gawain araw-araw, at ang Iyong kasaganaan kahit sa mga sandali ng kakulangan. Pinupuri Ka namin, O Nabubuhay na Panginoon, na kasama namin ngayon at magpakailanman. Amen.

**PREFASYO**

Tunay ngang marapat at makatarungan, aming tungkulin at kaligtasan, na Ikaw ay pasalamatan sa lahat ng oras at lugar, Panginoon, banal na Ama, makapangyarihan at walang hanggang Diyos.

Sapagkat binago Mo ang kawalang-pag-asa tungo sa pag-asa, ang kalungkutan tungo sa kagalakan, at ang kakulangan tungo sa kasaganaan.

Sa pamamagitan ng mga alagad sa daan patungong Emmaus, ipinakita Mo sa amin na ang pagkilala sa Iyong presensya ay dumarating nang tahimik: sa pag-uusap, sa pagbubukas ng Kasulatan, sa paghahati-hati ng tinapay, at sa pinakasimpleng gawa ng pagmamahal.

Itinuturo Mo sa amin na ang muling pagkabuhay ay hindi lamang isang pangyayaring nagdaan kundi isang nabubuhay na katotohanan sa aming buhay: sa pagpapalakas ng loob ng isang kaibigan, sa pagbabahagi ng pagkain, at sa paggabay na umaakay sa amin mula sa takot tungo sa pagtitiwala.

Sinasalubong Mo kami kung nasaan kami at binababago Mo ang mga karaniwang sandali upang maging tanda ng Iyong kaluwalhatian.

Kaya, kasama ng lahat ng anghel at mga banal, na may pusong nag-aalab sa pagkamangha sa Iyong presensya kasama namin, ipinahahayag namin ang hiwaga ng kagalakan ng Pasko ng Muling Pagkabuhay:

Santo, Santo, Santo ang Panginoong Diyos ng mga hukbo ng langit…

**PAANYAYA SA AMA NAMIN**

Ang Nabuhay na Panginoon ay narito sa ating piling, sa tinapay at alak, sa mga pangkaraniwang handog at sa ating pinagsasaluhang buhay. Manalangin tayo nang may pagtitiwala at pag-asa sa ating Amang nasa langit:

**EMBOLISMO**

Iligtas Mo kami, Panginoon, mula sa bawat pagkabulag ng puso at sa lahat ng humahadlang upang makilala namin ang Iyong presensya. Ipinahahayag Mo ang Iyong sarili hindi lamang sa dakilang tanda kundi sa tahimik na paghahati-hati ng tinapay, sa tapat na paggawa, at sa mapagpakumbabang gawa ng pag-ibig. Ipagkaloob Mo na, dahil sa pagpapalakas sa amin ng Eukaristiyang ito, ay makita Ka namin sa mga karaniwang sandali ng aming buhay at sumunod kami sa Iyo na may bagong puso, habang hinihintay namin nang may pag-asa ang Iyong maluwalhating pagdating bilang aming Tagapagligtas.

**PANALANGIN PARA SA KAPAYAPAAN**

Panginoong Hesukristo, na nagsabi sa Iyong mga Apostol: Kapayapaan ang iniiwan Ko sa inyo, ang Aking kapayapaan ang ibinibigay Ko sa inyo; huwag Mong tingnan ang aming mga kasalanan kundi ang pananampalataya ng Iyong Simbahan, at buong giliw na ipagkaloob Mo sa kanya ang kapayapaan at pagkakaisa ayon sa Iyong kalooban.

Ikaw na nagpakita sa Iyong mga alagad sa gitna ng kanilang takot at pinuno mo sila ng lakas ng loob, patahimikin Mo ang aming mga pangamba at patibayin Mo ang aming pagtitiwala.

Gawin Mo kaming kasangkapan ng Iyong kapayapaan sa aming mga tahanan at pamayanan, upang sa aming mga salita at gawa ay makilala Ka ng iba bilang ang Nabuhay na Panginoon.

Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman. Amen.

**PAANYAYA SA KOMUNYON**

Kung paanong ipinahayag Niya ang Kanyang sarili sa mga alagad sa daan patungong Emmaus at sa pampang ng Dagat ng Tiberias, sinasalubong Niya tayo ngayon upang makatagpo natin Siya sa mga tinapay at alak na ito.

Lumapit kayo na may bukas na puso, na may pagtitiwala, at bayaan Ninyo na Kanyang baguhin ang inyong pangkaraniwang buhay tungo sa kasaganaan, ang inyong takot tungo sa katapangan, at ang ating dalamhati tungo sa kagalakan.
Mapapalad ang mga inaanyayahan sa hapag ng Kordero.

**MAIKLING PAGNINILAY PAGKATAPOS NG KOMUNYON**

Nakilala ng mga alagad si Hesus sa mga karaniwang sandali—sa pagkukuwento, sa pagbubukas ng Kasulatan, at sa paghahati-hati ng tinapay.
Gayon din tayo ay tinatawag na makita Siya ngayon: sa maliliit na gawa ng kabutihan, sa sama-samang pagsisikap, at sa mga pag-uusap na nagpapaliyab ng ating puso.
Dalhin natin ang kamalayang ito sa ating pang-araw-araw na buhay, nagtitiwala na binabago ng Nabuhay na Panginoon ang ating mga karaniwang gawain upang maging tagpuan ng Kanyang kasaganaan at pagmamahal.

**PANALANGIN PAGKATAPOS NG KOMUNYON**

Panginoong Diyos, sa pamamagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay ng Iyong Anak, nagdala Ka ng buhay mula sa desperasyon at pag-asa mula sa kakulangan.
Nawa'y ang mga biyayang aming tinanggap ngayon ay magpalalim ng aming pagtitiwala sa Iyo, magpatibay ng aming puso, at tumulong sa amin na makilala ang Iyong presensya sa mga pangkaraniwang sandali ng aming buhay.
Isugo Mo kami upang maging saksi ng Iyong pag-ibig at kagalakan, upang makita ng iba ang Nabuhay na Kristo sa amin.
Sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon. Amen.

**PANGWAKAS NA PAGPAPALA**

Pagpalain nawa kayo ng Panginoon:
punuin sana Niya ang inyong mga kamay ng malasakit at kahandaang maglingkod, bigyan sana Niya ng tapang ang inyong mga paa para sa mga bagong landas, gawin sana Niyang bukas ang inyong mga tainga sa tinig ng pangangailangan at pag-asa,
buksan sana Niya ang inyong mga mata sa kagandahan at habag sa paligid ninyo, bigyan sana Niya ang inyong bibig ng mga salitang nagdudulot ng lakas ng loob, aliw, at kagalakan,
at punuin sana Niya ang inyong puso ng pagtitiwala, katiyakan, at kapayapaan.
At pagpalain sana kayo at ang inyong mga mahal sa buhay ng mahabaging Diyos: Ama, + Anak, at Espiritu Santo. Amen.

**PAGPAPAALIS**

Humayo kayo nang may kapayapaan, dala ang kagalakan at presensya ng Nabuhay na Panginoon sa inyong pang-araw-araw na buhay.

**PAG-AANYAYA SA PAGNINILAY**

Magtiwala na ang Diyos ay naroroon sa mga karaniwang sandali: sa pagsasalo ng pagkain, sa pag-uusap, sa mga gawa ng kabutihan, at sa pang-araw-araw na gawain.
Kapag binuksan natin ang ating puso, kahit ang pinakamaliit na kilos natrin ay nagiging tanda ng Kanyang kasaganaan, at ang dalamhati ay nababago tungo sa pag-asa at kagalakan. Ihagis mong muli ang iyong lambat, at matutuklasan mo na ang Nabuhay na Panginoon ay kumikilos sa iyong buhay.

- **Translated by William Valdrez, Junior**